


Imbestigasyon kung may tuberkulosis (TB) sa pagdating sa Norway.

Bawat isang dadating sa Norway na isang asylum o refugee ay kailangang masuri kung may tuberkulosis (TB). Ang iba pang mga migrante ay kailangang masuri kung nagmula sila sa isang bansa kung saan malawakan ang tuberkulosis. Kasama sa pagsusuri ang isang X-ray sa mga бага (isang X-ray sa dibdib), at isang pagsusuri sa dugo o pagsusuri sa balat.


X-ray sa Dibdib:

Ang isang x-ray sa dibdib ay tatagal ng ilang minuto lamang at hindi makakasama sa iyo. Ligtas ang sumailalim sa isang X-ray, kahit buntis ka. Upang makuha ang isang malinaw na larawan sa X-ray, pinakamaganda na ang hubarin mo ang lahat mong pangtaas. Kung gusto mo, maaari kang magsuot ng isang manipis na pampatong o isang t-shirt na walang mga butones o dekorasyon. Habang kinukuha ang X-ray, kailangang huminga ka nang malalim at pigilin sa loob ng ilang sandali ang iyong paghinga.




Kailangan din na ang ilang tao ay sumailalim sa isang pagsusuri sa dugo o pagsusuri sa balat.

Pagsusuri sa dugo (IGRA):



Pagsusuri sa balat (Mantoux):



Hindi mo makukuha kaagad ang mga resulta ng pagsusuri. Kailangang magpalipas ng ilang araw. Maaaring makita sa mga pagsusuri na kailangan mo pa ang karagdagang eksaminasyon o na kailangan mong makipag-usap sa isang doktor. Sa ganoong kaso, makikipag-ugnayan sa iyo. Hindi ito nangangahulugan na mayroon kang tuberkulosis.

Kabilang sa mga sintomas ng tuberkulosis ang talamak na ubo (tumatagal ng tatlong linggo o higit pa), lagnat, pagbaba ng timbang, pakiramdam na panghihina at pagod, pagpapawis sa gabi o may pamamaga o may kulani sa iyong leeg, o sa iyong singit o sa ilalim ng iyong mga braso. Maaari kang magkaroon ng bakterya ng tuberkulosis sa iyong katawan nang hindi nagkakaroon ng ganitong sakit. Tanging mga tuberkulosis sa бага (pulmonary tuberkulosis) lamang ang makakahawa sa iba.

Kung mayroon kang tuberkulosis, gagamutin ka nang libre sa Norway. Mamarapating manatili ka sa Norway kapag nakumpleto mo na ang pagpapagamot.

Tandaan na nagagamot ang tuberkulosis! Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tuberkulosis, pumunta sa www.fhi.no